# Kabanata 13: Pantay-pantay na Oportunidad

## Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad

Ang mga batas ng Hong Kong para sa pantay-pantay na oportunidad ay nagbabawal sa pagdidiskrimina laban sa isang tao batay sa kasarian, marital status, pagbubuntis, kapansanan, family status at lahi.

## Ano ang EOC?

Ang Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (Equal Opportunities Commission o EOC) ay isang lupon ng tagapagpatupad ng batas (statutory body) na itinatag noong 1996 upang magpatupad ng Ordinansa sa Diskriminasyon Ukol sa Kasarian (Sex Discrimination Ordinance o SDO), ng Ordinansa sa Diskriminasyon Ukol sa Kapansanan (Disability Discrimination Ordinance o DDO), ng Ordinansa sa Diskriminasyon Ukol sa Family Status (Family Status Discrimination Ordinance o FSDO) at ng Ordinansa sa Diskriminasyon Ukol sa Lahi (Race Discrimination Ordinance o RDO).

## Batas para sa pantay-pantay na oportunidad

Hindi makatarungan sa ilalim ng SDO na magtangi laban sa isang tao dahil sa kasarian, marital status o pagbubuntis sa mga sumusunod na lugar ng mga aktibidad:

- pagtatrabaho
- education
- pagbibigay ng mga bagay-bagay, serbisyo o mga pasilidad tulad ng mga shop, bangko, restoran, café, sports center, at iba pa
- paggamit o pangangasiwa sa pasilidad
- karapatang bumoto para sa at maihalal o maatasan sa mga lupon ng tagapayo (advisory body)
- pakikibahagi sa mga samahan
- mga aktibidad sa Pamahalaan

Ang SDO ay nagsasanggalang din sa isang tao mula sa sekswal na panggigipit sa mga lugar ng trabaho, edukasyon, pagbibigay ng mga bilihin, serbisyo o

mga pasilidad at paggamit o pangangasiwa sa mga pasilidad. Ang sekswal na panliligalig ay anumang uri ng hindi gustong sekswal na pagkilos sa isang tao. Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa mga aksyong tulad ng pananantsing sa isang tao, mga pagbibirong sekswal o humihingi ng pakikipagtalik.

Sa ilalim ng DDO, hindi makatarungan na alipustain sa publiko ang isang taong may kapansanan, o magdiskrimina o manligalig ng isang tao dahil sa kapansanan sa mga sumusunod na lugar ng mga aktibidad:

- pagtatrabaho
- edukasyon
- pagbibigay ng mga bagay-bagay, serbisyo o mga pasilidad tulad ng mga shop, bangko, restoran, café, sports center, at iba pa
- access sa mga pasilidad
- paggamit o pangangasiwa sa mga pasilidad
- pakikibahagi sa mga samahan at mga aktibidad sa sport
- mga aktibidad sa Pamahalaan

Ang panliligalig sa may kapansanan ay mga gawi kung saan ang isang tao na may kapansanan ay makakaramdam na pinapahiya o sinusugatan ang damdamin tulad ng sa pamamagitan ng hindi magagandang komento, pagbibiro, larawan at mga text tungkol sa kapansanan ng isang tao.

a ilalim ng FSDO, hindi makatarungang magtangi ng isang tao dahil sa family status. Ang family status ay nangangahulugang pagkakaroon ng pananagutan sa pangangalaga sa pinakamalapit na miyembro ng pamilya. Ang pinakamalapit na miyembro ng pamilya ng isang tao ay nangangahulugan ng isang tao na may kaugnayan sa tao sa dugo, dahil sa kasal, inampon o relasyon. Ang mga lugar ng aktibidad kung saan maaaring maghain ng reklamo ang isang tao sa ilalim ng FSDO ay katulad din ng nasa ilalim ng SDO.

Sa ilalim ng RDO, hindi makatarungang magtangi ng isang tao dahil sa kaniyang lahi. RAng lahi may kinalaman sa isang tao ay nangangahulugang ang lahi, kulay, pinagmulang angkan, bansa o etnikong pinagmulan ng tao. Ang RDO ay nag-aalok ng proteksiyon sa sumusunod na mga lugar:

- pagtatrabaho
- edukasyon
- pagbibigay ng mga bagay-bagay, serbisyo o mga pasilidad tulad ng mga shop, bangko, restoran, café, sports center, at iba pa
- paggamit o pangangasiwa sa pasilidad

- karapatang bumoto para sa at kumandidato para sa eleksiyon sa mga pampublikong lupon, atbp.
- pakikibahagi sa mga samahan

Ang panliligalig dahil sa lahi ay mga gawi kung saan ang isang tao na may isang partikular na lahi ay makakaramdam ng galit, mapapahiya o matatakot dahil sa hindi magagandang mga komento, pagbibiro, larawan at text tungkol sa lahi ng isang tao.

## Ano ang magagawa ng EOC para sa iyo?

Kung sa inyong palagay ay nahaharap kayo o humarap sa isang labag sa batas na diskriminasyon sa mga larangan ng gawaing binanggit sa itaas dahil sa inyong kasarian, kasal o hindi kasal, pagbubuntis, kapansanan, katayuan ng pamilya o lahi, makakapaghain kayo ng isang reklamo sa EOC. Maaaring imbestigahan ng EOC ang reklamo at tulungan kayong maresolba ito sa pamamagitan ng pakikipagkasundo. Kung ang isang kasunduan ay hindi mangyayari, makakapagpatala kayo para sa ibang uri ng tulong, kabilang ang legal na tulong. Makakapagsimula rin kayo ng isang legal na demanda sa Hukuman ng Distrito sa ilalim ng apat na ordinansa.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Komisyon at apat na ordinansa, maaari kang sumangguni sa website ng EOC sa www.eoc.org.hk, o makipag-ugnayan sa tanggapan ng EOC. Ang pag-iinterprete ay ibibigay kapag hiniling.

| | |
|---|---|
| Address: | 19/F, Cityplaza Three, 14 Taikoo Wan Road<br>Taikoo Shing, Hong Kong |

Ang impormasyon tungkol sa trabaho ng EOC ay maaaring i-access gamit ang mga mobile app ng EOC:

Available on the iPhone App Store 下載平機會 iPhone應用程式

ANDROID APP ON Google play 下載平機會 Android應用程式

Tel: **2511-8211**
Email: eoc@eoc.org.hk
Website: www.eoc.org.hk
Serbisyong Magtanong sa Text o SMS: 6972566616538
（短訊查詢服務）
Mga oras ng opisina: Lunes hanggang Biyernes 8:45am - 5:45pm